# Alam mo ba ang "pang-aabuso sa bata"?

（あなたは『児童虐待』を知っていますか？）（フィリピノ語）

Ang mga sumusunod ay maituturing na pang-aabuso na ginagawa ng mga magulang sa sariling anak (na wala pang 18 taong gulang).

Ang pang-aabuso sa bata ay ipinagbabawal ng batas at may negatibong epekto sa paglaki at pag-unlad ng mga bata.

## Pisikal na pang-aabuso

Karahasan sa mga bata

〈Halimbawa〉

-Pambubugbog,paninipa,
panghahampas ng bagay
-Pananakal
-Paghahagis
-Matinding pag-aalog sa bata
-Pamamaso sa bata.
-Pagsasara ng pinto
at hindi pagpapapasok sa bahay.



## Pagpapabaya

Labis na pagpapabaya sa bata

〈Halimbawa〉

-Pag-iwanan ng mag-isa sa batang paslit sa bahay.
-Hindi pagpapakain sa bata.
-Hinahayaan na marumi ang bata.
-Hindi pagdala sa ospital
kapag maysakit.
-Hindi pagpigil sa pananakit
o pananamantala sa bata ng ibang tao.

## Pang-aabusong sekswal

Pagsagawa ng malaswang kilos sa bata o sapilitang pagpapagawa ng malaswang kilos sa bata.

〈Halimbawa〉

-Pakikipagtalik at sekswal
na pagsasamantala sa bata.
-Panghihipo sa pribadong bahagi ng bata.
-Sapilitang pagpapahawak sa bata ng pribadong bahagi ng katawan.
-Pagpapakita sa bata ng pagtatalik.
-Gawing paksa ng pornograpiya ang sariling anak.


## Sikolohikal na pang-aabuso

Sinasaktan ang damdamin ng bata.

〈Halimbawa〉

-Pagbabanta sa bata.
-Hindi pagpansin sa bata.
-Hindi pantay na pagtingin at pagtrato sa magkakapatid.
-Pagpapakita sa bata ng pananakit o pagsasalita nang nakakasakit
sa damdamin sa miyembro ng pamilya.
＊ Ang pag-aaway ng mag-asawa sa harap ng batang anak ay isang uri ng sikolohikal na pang-aabuso!





## Ang pananakit o pagsasalita nang nakakasakit sa damdamin ng bata bilang pag-disiplina sa kanya ay itinuturing na pang-aabuso rin.

Ang pagpalo o paninigaw sa bata bilang pag-disiplina sa kanya ay itinuturing na pang-aabuso rin.

Huwag gumamit ng karahasan o paninigaw sa pagpapalaki sa bata.

Halimbawa ng mga kilos na itinuturing na pang-aabuso ay ang mga sumusunod.

-Pananakit sa bata dahil ilang beses nang pinagsabihan, ngunit hindi nakikinig at hindi sumusunod.

-Pagpalo sa bata gamit ang sinturon bilang parusa sa pagnanakaw ng gamit ng ibang tao.

-Pagsasalita nang nakakasakit sa damdamin ng bata upang ma-udyok siyang kumilos.

## Ang pang-aabuso sa bata ay may negatibong epekto sa kanyang paglaki.

Ang karahasan at pagsasalita nang nakakasakit sa damdamin ay may malalim na epekto sa pag-unlad ng kaisipan ng bata.

Batay sa mga pag-aaral, natuklasan na nagkakaroon ng iba't ibang pagbabago sa isip ng isang tao na hindi maganda ang karanasan noong kanilang kabataan.

Ang mga batang inabuso ng kanilang mga magulang ay naiulat na mayroong mga sumusunod na hindi kanais-nais na kahihinatnan.

-Nagdudulot ng hindi magandang relasyon ng magulang at anak.

-Nagdudulot ng mga problema sa pag-iisip.

-Dumadalas ang mga antisosyal na pagkilos.

-Dumadalas ang pananalakay at pagtuligsa.

★Kung nagkakaproblema ka sa pagpapalaki ng iyong anak, o mayroon isang bata na sa iyong palagay ay biktima ng pang-aabuso, kumonsulta sa pinakamalapit na tanggapan ng konsultasyon sa pagpapalaki ng bata o sentro ng paggabay sa kabataan.

Sentro ng Kalusugan at Kapakanan sa Kanlurang Bahagi ng Shizuoka
（Sentro ng Paggabay sa Kabataan sa Kanlurang Bahagi ng Shizuoka）
〒438-8622　Shizuoka-ken　Iwata-shi　Mitsuke 3599-4
Telepono　0538-37-2810　FAX　0538-37-2841

